**Kawíng 1.2 (2017): 10-34**

# Guro, Paaralan, at Bayan: Makabayang Pagsusuri sa Kasalukuyang Kurikulum ng Sistema ng Edukasyon sa Pilipinas

## *(Teachers, Schools, and Communities: A Nationalist Analysis of the Current Curriculum in the Philippine Education System)*

**David Michael M. San Juan**
De La Salle University, Manila
david.sanjuan@dlsu.edu.ph

**ABSTRAK**

Pangunahing layunin ng papel na ito na 1) ilahad ang malalim na koneksyon ng mga isyung pangguro at pambayan; 2) bigyang-diin ang mahalagang tungkulin ng guro sa pagbabago ng sistemang pang-edukasyon at ng sistema ng lipunan sa Pilipinas; at 3) maghapag ng makabayang pagsusuri sa kasalukuyang sistema ng edukasyon sa Pilipinas (may pokus sa ilang piling aspekto ng kurikulum). Gagawing lunsaran ng pagtalakay ang paglilinaw sa depinisyon ng nasyonalismo – partikular sa edukasyon at ekonomya – tungo sa epektibong paglalantad sa hindi makabayang direksyon at nilalaman ng kasalukuyang kurikulum sa sistema ng edukasyon sa Pilipinas.

**Mga Susing Salita:** makabayang edukasyon, mga kilusang panlipunan, K to 12, kurikulum, sistemang pang-edukasyon

~~~

***ABSTRACT***

*This paper is primarily aimked at 1) discussing the profound link between issues that affect teachers and issues that affect the people in general; 2) emphasize the important role that teachers play in pedagogical and social transformations in the Philippines; and 3) present a nationalist critique of the Philippine education system (with a focus on certain aspects of the curriculum). The definition of and discussion on nationalism (in education and the economy) will be used a springboard towards effectively exposing the non-nationalist direction and content of the current curriculum of the Philippine education system.*

***Keywords:*** nationalist education, social movements, K to 12, curriculum, education system
~~~

~~~

**Ang Guro Bilang Mamamayan at Tagahubog ng Lipunan: Isyung Sweldo, Badyet, at Cha-Cha Bilang Halimbawa**

"Be proud you are a teacher; the future depends on you," mensaheng nakapinta pa rin ngayon sa maraming pader ng paaralan, at mensaheng totoong-totoo pa rin. Bilang tagahubog ng sinasabing pag-asa ng bayan – ang mga kabataan – hindi maikakailang may mahalagang papel ang guro bilang mamamayan at tagahubog ng lipunan. Lahat halos ng sektor ng lipunan ay nakakapasok sa paaralan at dumaraan sa kamay ng mga guro. May malawak na impluwensya at prestihiyo, sa pangkalahatan, ang guro sa lipunan. Pinapakinggan sila sa tuwing sila ay nagpapahayag sa mga isyung panlipunan, dahil sila'y itinuturing na eksperto sa kani-kanilang larangan at may natural na koneksyon at araw-araw na pakikisalamuha sa iba't ibang sektor ng lipunan. Sa sitwasyon ng mga guro sa lipunan, kitang-kita at ramdam na ramdam ang sinasabi ni Joey Ayala sa isang sikat niyang awitin: "ang lahat ng bagay ay magkaugnay."

Ang koneksyon ng mga isyung pangguro at pambayan ay agad na makikita sa isyu ng pagtataas ng sweldo ng mga guro. Taong 2016 pa lamang ay nangako si Presidente Rodrigo Duterte na itataas niya ang sweldo ng mga guro (Ranada, 2016). Samantala, sa deliberasyon hinggil sa pambansang badyet noong 2017, nagpahayag ang sekretarya ng Department of Management na si Benjamin Diokno na hindi raw kakayanin ng gobyerno ang pagtataas ng sweldo ng guro na nais ng mga grupong kumakatawan sa kanila (Sambalud, 2017), habang maagang bahagi pa lamang ng 2017 ay todo-suporta na si Diokno sa pagdodoble ng sweldo ng pulis at militar (Corrales, 2017). Balintunang ang kalihim naman ng Departamento ng Edukasyon na si Liling Briones ay ay tila pailalim na tumututol din sa pagtataas ng sweldo ng mga guro, sa pamamagitan ng pagsasabi na hindi "underpaid" ang mga guro (Sambalud, 2017). Kaugnay nito, mahusay na sinagot ng mga guro at ng iba pang nagmamalasakit sa sektor ng edukasyon ang buladas nina Diokno at Briones: bakit kinaya ng gobyerno na doblehin ang sweldo ng mga sundalo at pulis, at ngayon ay sasabihing hindi kayang doblehin ang sweldo ng guro at mga empleyado sa sektor ng edukasyon? Lalong manggagalaiti ang mga guro kapag nalaman nila na ang pensyon ng pulis at militar ay naka-index sa kasalukuyang sweldo ng nasa serbisyo pa, di gaya sa mga guro at iba pang trabaho. Isama pa ang katotohanang mas mababa ang retirement age ng mga pulis at sundalo. Sa edad na 56 ay retirado na ang pulis at sundalo, samantalang 60 naman ang edad ng optional retirement ng mga guro. Sa bansang tila utak-pulbura ang namumuno, tila walang espasyo ang pagpapahalaga sa edukasyon. Ang sigaw sa mga kilos-protesta ng mga edukador at estudyante na "Libro hindi bala, edukasyon hindi gera!" at "Peace Talks, Ituloy!" ay saktong-sakto sa sitwasyong ito. Magkakaroon ng mas malaking badyet sa edukasyon at mga guro kung mas kaunti ang badyet para sa bala at gera; mangyayari ito kung may peace talks at tuluy-tuloy na masosolusyunan ang ugat ng insurhensya sa Pilipinas.
~~~

Ang isyu ng kulang na pasilidad sa mga paaralan ay isyung pambayan din. Bakit nga ba laging kapos ang badyet para sa edukasyon, bakit nga ba kulang ang libro sa library, walang libreng mabilis na internet sa lahat ng paaralan (Marasigan, 2016; Mirandilla-Santos, 2017), at may mga eskwelahan pa ring walang kuryente (Roxas, 2017)? Sa papeles at bibig mismo ng gobyerno makukuha ang sagot: napakalaki ng porsyento ng pambansang badyet na inilalaan sa pagbabayad ng utang ng bansa, at hindi naaabot ng gobyerno ang target na koleksyon ng buwis mula sa mga korporasyon dahil sa napakaraming insentibo at eksempsyon sa mga malalaking negosyante at dahil din sa pandaraya sa buwis ng ilang malalaking negosyante. Kaugnay ng utang, noong 2000, ang utang ng Pilipinas ay umabot na sa 2.2 trillion pesos. Sa pagtatapos ng 2013, halos 6 trillion pesos na ito. Mula 2000-2013, higit 8 trillion pesos ang ipinambayad ng Pilipinas sa mga pinagkakautangan pero sa panahon ding iyon ay nadoble pa sa halip na lumiit ang utang ng bansa! Kaugnay naman ng buwis, kagulat-gulat, halimbawa na pangalawang pinakamalaking individual taxpayer si Manny Pacquiao (Bureau of Internal Revenue/BIR, 2016). Ayon pa rin sa datos ng BIR, mas malaki pa ang binayaran niyang buwis kaysa sa mga itinuturing na pinakamayayaman sa Pilipinas. Mas malaki rin ang binayaran nina Sharon Cuneta, John Lloyd Cruz at Anne Curtis kaysa sa iba pang kilalang napakayamang Pilipino na may-ari ng dambuhalang mga korporasyon. Ayon naman sa pananaliksik na "Revenue Performance of the BIR Large Taxpayers Service: 2006-2015" ng National Tax Research Center (2016), maraming korporasyon ang kahit lugi ay tuloy ang operasyon. Sa papel/mga dokumento ay pinalilitaw ng mga korporasyon na ito na lugi sila para makalusot sa pagbabayad ng buwis o kaya'y makapagbayad ng mas mababang buwis, pero tiyak na kumikita pa rin sila dahil hindi naman sila nagsasara.

Kung ang mga isyung pangguro ay isyung pambayan din, ang mga isyung pambayan ay isyung pangguro rin. Halimbawa, kamakailan ay ginulantang ang bayan ng balitang inaprubahan na ng Kongreso ang resolusyon na nagdedeklara sa sarili nila bilang Constituent Assembly na magdedeliberasyon sa mga mungkahing pagbabago sa Konstitusyong 1987. Nabalitaan na ng maraming mamamayan ngayon ang ilang mungkahing pagbabago sa Konstitusyong 1987 gaya ng pagbura sa salitang "pag-ibig" sa preamble ng Konstitusyon, o sa pagtatanggal sa lahat ng limitasyon sa pagmamay-ari ng mga dayuhan sa mga negosyo at lupa sa Pilipinas. Pero baka kakaunti pa lang sa mga guro ang nakakaalam na kasama sa planong charter change o Cha-Cha ng rehimeng Duterte ang pagbubukas sa mga propesyon gaya ng edukasyon sa mga dayuhan; ibig sabihin, kapag nakalusot ang cha-cha, pwede nang magturo sa public o private school sa bansa ang sinumang teacher kahit foreigner. Posibleng may maka-agaw na ang mga gurong Pilipino sa trabaho: ang mga teacher mula sa mga bansang nag-iIngles din at mas mababa ang average na sweldo kaysa sa Pilipinas.

Ilan lamang ang tatlong nabanggit, sa napakaraming halimbawang nagpapakita sa malalim na ugnayan ng mga isyung pangguro at pambayan. Hindi maihihiwalay ng

guro ang kanyang sarili sa kanyang lipunang ginagalawan at magkakaroon lamang siya ng pangmatagalang ginhawa sa sistema kung tutulong siya para mabago ito, dahil kitang-kita na ang mga problema sa sektor ng edukasyon ay bahagi at karugtong ng mga problema ng bayan.

Pangunahing tungkulin ng mga guro sa bansa na imulat ang kani-kanilang estudyante sa mga realidad ng lipunan sa pamamagitan ng isang makabayang sistemang pang-edukasyon. Upang makita kung ano at paano iyon isasakatuparan, mahalagang suriin muna ang kasalukuyang sitwasyon ng edukasyon sa bansa. Lenteng nasyonalista, konseptong nasyonalismo ang gagamitin ng papel na ito.

**Depinisyon ng Nasyonalismo: Ugnayan ng Edukasyon at Ekonomya**

Ilan sa mga karaniwang depenisyon ng nasyonalismo o pagkamakabayan ang mga sumusunod (mula mababaw papuntang malalim, mula simple papuntang mas komplikado): pagmamahal sa bayan; pagbibigay-diin sa pagmamahal sa bayan; pagtataguyod ng kapakanan ng bayan/bansa; pagtataguyod ng kalayaang politikal, ekonomiko, at kultural ng bansa/bayan; at pakikibaka laban sa imperyalismong ekonomiko, kultural, at politikal. Mahalagang sipatin ang depinisyon ng nasyonalismo sapagkat sa konteksto ng Pilipinas, mismong Artikulo XIV, Seksiyon 2.1 ng Konstitusyong 1987 ng Republika ng Pilipinas ay nagsasabing nasyonalismo dapat ang pundasyon, ang batayan ng edukasyon sa bansa: “SEK. 2. Ang Estado ay dapat: (1) Magtatag, magpanatili, at magtustos ng isang kumpleto, sapat at pinag-isang sistema ng edukasyong naaangkop sa mga pangangailangan ng sambayanan at lipunan…” Idinagdag pa sa Artikulo XIV, Seksiyon 3.2 ng Konstitusyong 1987 na: “SEK. 3. (1) Dapat maging bahagi ng kurikula ang pag-aaral ng Konstitusyon sa lahat ng mga institusyong pang-edukasyon. (2) Dapat nilang ikintal ang pagkamakabayan at nasyonalismo, ihasik ang pag-ibig sa sangkatauhan, paggalang sa mga karapatang pantao, pagpapahalaga sa gampanin ng mga pambansang bayani sa historikal na pagpapaunlad ng bansa, ituro ang mga karapatan at mga tungkulin ng pagkamamamayan, patatagin ang mga pagpapahalagang etikal at espiritwal, linangin ang karakter na moral at disiplinang pansarili, pasiglahin ang kaisipang mapanuri at malikhain, palawakin ang kaalamang syentipiko at teknolohikal, at itaguyod ang kahusayang bokasyonal…” Sa pangkalahatan, halos gayundin ang nilalaman tungkol sa edukasyon, ng borador ng *Comprehensive Agreement on Social and Economic Reforms* (CASER) na inihanda ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP) at ibinigay sa Gobyerno ng Republika ng Pilipinas noong Enero 12, 2017: Article XII. RIGHT TO EDUCATION. Section 3. Education shall be nationalist, scientific, mass-oriented and democratic to develop critical thinking, social commitment, and a sense of history among students and support the development of the national economy, upholding of people’s rights, and attaining economic sovereignty for national development as articulated in this Agreement.”

Ang gayong konsensus hinggil sa nasyonalismo bilang pundasyon ng edukasyon sa Pilipinas ay nakaugat sa mahabang tradisyong nasyonalista ng mga pambansang bayani mula pa sa panahon ng Kilusang Propaganda sa mga huling dekada ng kolonyalismong Espanyol hanggang sa panahon ng Rebolusyong 1896 na pinamunuan ng Katipunan, na patuloy na nagbi(bi)gay-inspirasyon sa mga sumunod na kilusang para sa makabayang edukasyon at/o para sa pambansang pagpapalaya.

Hinggil sa nasyonalismo, maaaring balikan ang mga sumusunod nan bahagi ng mga akda ni Jose Rizal: Kabanata 7 ng El Filibusterismo: Simoun versus Basilio (usaping pangwika); Kabanata 15 ng El Filibusterismo: Isagani versus Senyor Pasta (bayan o sariling kapakanan); Kabanata 20 naman ng Noli Me Tangere (pagtangkilik sa sariling kultura). Sa kabuuan, sa pananaw ni Rizal, sa halip na pamantayang global, katutubong kultura at kapakanan ng sambayanang Pilipino ang matatag na pundasyon ng edukasyon. Ang pananaw ni Rizal ay sinasalamin din ng perspektiba ng mga rebolusyonaryong gaya nina Emilio Jacinto at Andres Bonifacio na kapwa naging mga pinuno ng Katipunan.

Sa "Kartilya ng Katipunan" na isinulat ni Emilio Jacinto, binibigyang-diin na "Ang kamahalan ng tao'y wala sa pagkahari, wala sa tangos ng ilong at puti ng mukha, wala sa pagkaparing kahalili ng Diyos, wala sa mataas na kalagayan sa balat ng lupa: wagas at tunay na mahal na tao, kahit laking-gubat at walang nababatid kundi ang sariling wika, yaong may magandang asal, may isang pangungusap, may dangal at puri, yaong di nagpapaapi't di nakikiapi; yaong marunong magdamdam at marunong lumingap sa bayang tinubuan." Idinagdag pa ni Jacinto na sa "Paglaganap ng mga aral na ito, ay maningning na sisikat ang araw ng mahal na kalayaan dito sa kaaba-abang sangkapuluan at sabugan ng matamis niyang liwanag ang nangagkaisang magkakalahi't magkakapatid, ng ligayang walang katapusan, ang mga ginugol na buhay, pagod, at mga tiniis na kahirapa'y labis nang matutumbasan." Para kay Jacinto, ang tunay na dangal ng isang mamamayan ay masusukat sa kanyang paglingap o pagmamalasakit sa kanyang bayang tinubuan. Tiyak na ang "paglaganap ng mga aral na ito" ay makakamtan lamang sa pamamagitan ng nasyonalistang edukasyon na magpapahalaga sa mga sakripisyo ng mga nakipaglaban para sa kalayaan ng bayan.

Sa tulang "Pag-ibig sa Tinubuang Lupa" ni Andres Bonifacio, malinaw rin kung ano ang dapat bigyang-diin ng sistemang pang-edukasyon: "Walang mahalagang hindi inihandog/ng may pusong mahal sa Bayang nagkupkop,/dugo, yaman, dunong, katiisa't pagod,/buhay ma'y abuting magkalagot-lagot." Para kay Bonifacio, lahat ng mahalaga sa buhay – kasama na ang karunungan, ang edukasyon – ay dapat ialay sa bayan. Sa halip na dependensiya o pagiging palaasa sa mga dayuhan sa pamamagitan ng pag-akit sa mga dayuhang mamumuhunan, nanawagan si Bonifacio sa sanaysay/editoryal na "Ang Dapat Mabatid ng Mga Tagalog" na "... tayo'y umasa sa ating sarili at huwag hintayin sa iba ang ating kabuhayan. Itinuturo ng katwiran ang tayo'y magkaisang-loob,

magkaisang-isip at -akala at nang tayo'y magkalakas na maihanap ng lunas ang naghaharing kasamaan sa ating Bayan."

Sa mga kontemporaryong manunulat/edukador isa sa may pinakakomprehensibong pagtalakay si Renato Constantino (makabayang historian na ipina-house arrest ng diktadurang Marcos), partikular sa pamphlet na "Miseducation of the Filipino." Inalingawngaw ni Constantino (2008 at c.2012) ang nasyonalismo ng mga bayaning nabanggit at binigyang-diin ang matibay na koneksyon ng edukasyon, ekonomya at iba pang aspekto ng lipunan: "Ang edukasyon ay mahalagang sandata ng sambayanang nagsisikhay makamtan ang kalayaan sa ekonomiya at politika, at muling pagsibol sa larangan ng kultura...Ang edukasyon ay di lamang pagsagap ng impormasyon kundi paghubog ng taong epektibo at may silbi sa kanyang sariling lipunan. Kung gayon, hindi maaaring ihiwalay sa lipunan ng isang bansa sa isang partikular na panahon ang edukasyon nito. Isang kahangalan na isiping ang mga layuning pang-edukasyon ay dapat magkakatulad saanman, at kung gayon, ang kinakailangan sa paghubog ng edukadong Amerikano ay siya ring kailangan sa paghubog ng edukadong Pilipino. Totoo lamang ito kung ang dalawang lipuna'y pareho ng antas sa politika, kultura at ekonomiya, at kung sila'y may pareho ring layuning politikal, kultural, at ekonomiko…" Para kay Constantino, ang edukasyon sa mga bansang dating kolonya (o sa konteksto ng Pilipinas, neokolonya) ay dapat magsikap na palayain ang mga mamamayan sa kanilang dinanas/dinaranas na pagkaalipin, sa halip na mangopya lamang ng kurikulum at/o sistema ng edukasyon ng ibang bansa. Sa ganitong diwa, malinaw na ang pakikibaka laban sa neokolonyalismo at imperyalismo ay mahalaga at hindi maihihiwalay na bahagi ng pakikibaka para sa makabayang edukasyon, lalo pa at may sapat na ebidensyang nagpapatunay na sakmal pa rin ng imperyalismo ang Pilipinas at iba pang bansa, batay sa paliwanag ni Sison (1970) sa *Lipunan at Rebolusyong Pilipino*: "Ang ibig sabihin ng imperyalismo ay gera. Ang mga gera sa pagpapalawak mismo ay malaking negosyo na pinakikinabangan ng mga monopolyong kapitalista ng EU, pero sa bandang huli'y napapahamak din sila kung nabibigo ang mga gerang iyon. Ang di-makatarungang mga gerang iyon ang pinakamasamang klase ng pang-aapi at pagsasamantala sa mamamayang Amerkano at pati sa ibang sambayanan. Habang nagkukunwari ang imperyalistang estado na sinusunod nito ang "guhit ng tadhana", o wika nga nitong bandang huli'y idinidepensa ang "mundong malaya", pinipilit ang milyun-milyong manggagawang Amerikano na pag-ibayuhin ang monopolyong produksyon at magsundalo para lumaban sa ibang bayan. Layunin ng mga imperyalista na palawakin ang larangan ng monopolyong pamumuhunan sa ibang bayan, gawing posible ang pagdidispatsa ng tambak-tambak na yaring kalakal at agawin ang mga mapapagkunan ng hilaw na materyales. Layuning pigain ang mas malaking ganansya sa ibang bayang kolonya at malakolonya..."

Hinggil sa gerang imperyalista para sa pagdambong sa likas na yaman ng ibang bansa, sariwang-sariwa pa sa alaala ng madla ang gerang agresyon ng Estados Unidos sa Iraq o Iraq War. Mismong ang Secretary-General ng United Nations noon na si Kofi Annan ay nagdeklarang illegal ang gerang iyon (UN, 2004), habang mismong si Alan Greenspan, Chairman ng Federal Reserve of the United States (Bangko Sentral ng US) mula 1987-2006, ang umamin na "the Iraq war is largely about oil." Ayon naman sa Chilcot Report (commissioned report ng gobyerno ng United Kingdom hinggil sag era sa Iraq), nagbangayan ang US at UK sa pagkontrol ng petrolyo ng Iraq pagkatapos ng gera (Macalister, 2016). Tinalakay rin sa dokumentaryong *Fahreinheit 9/11* ni Michael Moore ang gerang ito sa ngalan ng petrolyo. Sa konteksto ng Pilipinas, tuloy ang RP-US Balikatan Exercises sa ilalim ng rehimeng Duterte, at inamin mismo ng Armed Forces of the Philippines (AFP) na may mga tropang Amerikano sa mismong Marawi sa panahong kinukubkob nila ang mga kuta ng grupong Maute (Villamor, 2017), bagay na akmang-akma sa pokus ng U.S. Agency for International Development (USAID) na nagpapatupad ng Growth with Equity in Mindanao (GEM) Program mula 1995-2012. Sa isang fact sheet na may petsang September 14, 2010, ispesyal ang pagbanggit ng US Embassy sa Maynila hinggil sa Mindanao (habang walang banggit sa Luzon at Visayas): "American firms in Mindanao work in agriculture, fisheries, construction equipment, franchising, call centers and a wide range of consumer products and services." Apat – Cargill, Del Monte Fresh, Marsman-Drysdale, Pepsi Cola – sa 26 na kumpanyang agribusiness na namuhunan ng higit 1 bilyong piso sa Mindanao ay pag-aari ng o may kasosyong Amerikano (Dy, 2016). Ang kumpanyang Saudi Arabian na Far Eastern Agricultural Investment Co. (FEAICO) ay kasosyo naman ng kumpanyang food exporter na AgriNurture Inc. (ANI) at Aztropex sa Pilipinas, sa plantasyon ng saging, pinya, mais atbp. sa Mindanao. Malapit na kaalyado ng US ang Saudi Arabia gaya ng pinatutunayan ng $100 bilyong kontrata ng US sa pagsusuplay ng armas sa Saudi (Holland, 2017).

Ang panghihimasok ng Amerikanong militar sa Mindanao at sa iba pang bahagi ng bansa ay malinaw na konektado sa paghahangad nila na protektahan at mas mapalawak pa ang kanilang mga negosyo rito. Pansinin din ang pagiging eksporter at prodyuser ng produktong pangkonsumo (consumer goods) ng marami sa mga kumpanyang dayuhan sa bansa – patuloy sa pag-agaw sa hilaw na materyales ng Pilipinas, pagpiga ng "malaking ganansya sa ibang bayang kolonya at malakolonya," at "pagdidispatsa ng tambak-tambak na yaring kalakal" gaya ng banggit ni Sison (1970). Sa pangkalahatan, maliit lamang ang pakinabang ng bansa sa mga dayuhang puhunan o foreign investment, kumpara sa tubong kinakamkam ng mga korporasyong dayuhan. Batay sa datos ng World Bank (2017), mula 2005-2015, US $ 31,380,000,000 ang kinita ng FDI na inilagak sa Pilipinas, at batay sa datos ng Bangko Sentral ng Pilipinas/BSP (2017), US $5,470,000,000 lang ang muli nilang inilagak sa Pilipinas (reinvested earnings) – o 17.5% lamang ng kabuuang kinita ng FDI nila rito sa panahong iyon.

Siyempre pa, kasosyo ng mga dayuhang korporasyon ang pinakamayayamang angkan sa Pilipinas gaya ng mga Sy at Ayala. Halimbawa, higit 30% ng stocks ng SM Investments Corporation (as of October 2017 batay sa company disclosures sa website ng Philippine Stock Exchange/PSE) at higit 35% ng stocks ng Ayala Corporation (as of October 2017 batay sa company disclosures sa website ng PSE) ay pag-aari ng mga dayuhan. Ang mga kumpanyang ito'y madalas ding bidder sa napakaraming malalaking proyekto ng gobyerno sa ilalim ng Public-Private-Partnership (PPP), dahil na rin sa kanilang malakas na koneksyon sa gobyerno. Halimbawa, transportation undersecretary for railroads sa ilalim ng rehimeng Duterte si Noel Kintanar (na dati ring opisyal sa Ayala Corporation), habang si Gregory Domingo na dating Department of Trade and Industry secretary sa ikalawang rehimeng Aquino ay dati namang opisyal sa SM Investments Corporation. Bukod pa rito, direktang bahagi ng malawakang pagpaplano ng ekonomya ng bansa ang mga kinatawan ng malalaking korporasyon sa pamamagitan ng mga entidad gaya ng ASEAN Business Advisory Council na pinopondohan din ng pera ng bayan.

Ang mga kumpanya ring ito at/o ang kanilang mga subsidiary o sister companies ay sangkot sa mga kaso ng pangangamkam ng lupa ayon sa mga grupo ng mga magsasaka (Anakpawis Partylist, 2016; Olea, 2011; Takumi, 2014; DeGuzman, 2015; Uson, 2015), gaya rin ng maraming dambuhalang dayuhang korporasyon (Balana, 2011; Ibon, 2011; Salerno, 2011). Ang mayayamang angkan na pangunahing may-ari o kaya'y kasosyo ng mga nasabing korporasyon ang taunang laman din ng listahan ng bilyonaryo ng Forbes Magazine: kumikita ng limpak-limpak habang nakapako sa pasweldong baratilyo ang marami sa kanilang mga manggagawa. Halimbawa, maraming manggagawa sa SM at Ayala Malls ay may sweldong minimum lamang o mas mataas lamang nang kaunti sa minimum. Malinaw sa ganitong konteksto na hindi pa rin ganap na malaya ang Pilipinas: malapyudal at malakolonyal pa rin ito. Malakolonyal: sitwasyong mala-alipin; parang sakop pa rin ng dayuhan; parang kolonya pa rin; pinangingibabawan ng imperyalista sa aspektong kultural, politikal, ekonomiko atbp. Malapyudal: sitwasyong parang pyudal; wala nang literal na alipin dahil bawal na ang literal na slavery pero parang alipin pa rin ang nakararami dahil barat ang pasweldo at wala halos pag-asang umangat sa buhay dahil hinuhuthot ng iilang mayayamang angkan at mga dayuhang korporasyon ang kanilang pinagpawisan. Malinaw na sakmal pa rin ng imperyalismo, burukrata-kapitalismo at pyudalismo ang Pilipinas. Sa ganitong konteksto, ang paghuhusga sa kurikulum ng K to 12 ay paghuhusga sa pagpapanatili, pagpapalala, o pagbalikwas nito sa sitwasyong malapyudal, malakolonyal ng Pilipinas: masasabi lamang na makabayan ang K to 12 kung nakapag-aambag ito sa paglaban ng mga mamamayan sa imperyalismo, burukrata-kapitalismo, at pyudalismo.

### Kritik sa Pangkalahatang Ideolohiya at Direksyon ng K to 12

Hindi na detalyadong tatalakayin sa papel na ito ang kurikulum at sistemang pang-edukasyon ng Pilipinas sa ilalim ng kolonyalismong Espanyol at imperyalismong Amerikano

hanggang sa panahong bago mag-K to 12 sapagkat halos wala namang ipinagbago sa pangkalahatan ang sitwasyon ng edukasyon sa bansa sa mga panahong iyon. Maaaring balikan ang pamphlet na "Miseducation of the Filipino" ("Misedukasyon ng mga Pilipino"/"Ang Lisyang Edukasyon ng Mga Pilipino") ni Renato Constantino, "World Bank Textbooks: Scenario for Deception" ("Mga Teksbuk ng World Bank: Pakana ng Panlilinlang") ni Letizia Constantino, artikulong "Edukasyong Kolonyal: Sanhi at Bunga ng Mahabang Pagkaalipin" ni Bienvenido Lumbera (2007), "Philippine Education in the Neocolonial Period" ni Alexander Martin Remollino (2007), at "The Philippine Educational System" ni Karlo Mongaya (c.2012). Sa pangkalahatan, batay sa mga sangguniang ito, ang edukasyon bago mag-K to 12, lalo na mula sa panahon ng diktadurang Marcos ay naka-ayon sa pangangailangan ng mga imperyalistang bansa, dayuhang korporasyon at mga lokal nilang kasosyo kaya't nagmistulang "pabrika ng misedukasyon" (parirala ni Letizia Constantino) ang mga paaralan, lalo pa at tahasang nakikialam ang mga dayuhang ahensyang gaya ng World Bank sa larangan ng edukasyon sa pamamagitan ng pagpopondo sa mga pananaliksik na umaayon sa mga gusto nilang pagbabago sa edukasyon at pagpapautang para sa paglalathala ng mga textbook na nakakiling sa ideolohiya ng imperialismo, burukrata-kapitalismo at pyudalismo – sa halip na malaya at mapagpalayang institusyong humuhubog ng mga Pilipinong makabayan, kasabay at kahanay ng pagpapatupad ng gobyerno sa Labor Export Policy/LEP (pag-eeksport ng OFWs), pag-akit sa dayuhang puhunan o foreign investments, at pagpapanatili sa kalagayang mala-kolonyal at mala-pyudal ng lipunang Pilipino – paraiso para sa iilang mayayaman at makapangyarihang dinastiyang kasosyo ng mga imperyalistang bansa at mga dayuhang korporasyon, at impyerno naman para sa mga ordinaryong mamamayang hindi nakikinabang sa sinasabing pag-unlad/kaunlaran at modernisasyon. Mula sa Program for Decentralized Educational Development (PRODED) ng diktadurang Marcos at unang administrasyong Aquino, New Secondary Education Curriculum (NSEC) at Secondary Education Development Program (SEDP) ng unang administrasyong Aquino, New Elementary School Curriculum (NESC) ng unang administrasyong Aquino at administrasyong Ramos, Basic Education Curriculum (BEC), Revised Basic Education Curriculum (RBEC), Secondary Education Curriculum (SEC), at Refined Secondary Education Curriculum (RSEC) ng rehimeng Macapagal-Arroyo, hanggang sa K to 12 ng ikalawang administrasyong Aquino, nagpalit lamang ng pangalan ang mga programa at tagapagpatupad ngunit ang pangkalahatang framework ay hindi halos nagbabago.

## K to 12: Pagpapalala sa Sitwasyong Malakolonyal, Malapyudal ng Pilipinas

Pinalalala pa (sa halip na lutasin) ng K to 12 ang sitwasyong malakolonyal, malapyudal ng Pilipinas. Mala-Joseph Goebbels na inulit-ulit ng mga maka-K to 12 ang mga diumano'y mabibigat na dahilan at batayan ng pagpapatupad ng K to 12: pagsunod sa pamantayang global sa layuning makipagkumpetisyon sa ibang bansa ("global competitiveness") bilang destinasyon ng dayuhang puhunan at suplayer ng mga manggagawa/propesyunal, mabilis na pagmamanupaktura ng mga semi-skilled na manggagawa at propesyunal para sa lokal at internasyunal na merkado sa ilalim ng banderang anti-edukasyong tersyarya para sa nakararaming mamamayan, at pagpapatuloy at pagpapalawak ng pag-eeksport ng mga manggagawa/propesyunal (labor export policy). Mula mismo sa bibig ng gobyerno ang ideya ng K to 12 bilang

pamparami ng Overseas Filipino Workers/OFWs gaya ng binigyang-diin sa artikulong “Kaisipang Nasyonalista at Teoryang Dependensiya sa Edukasyon: Ideolohikal na Kritik ng Programang K to 12 ng Pilipinas.”

Buhangin, kundi man burak, ang pundasyon ng argumento ng mga maka-K to 12. Sa *Overview* ng *Human Development Report 2016* ng United Nations Development Programme/UNDP (23-25), higit 70 bansa ang mas mahirap pa kaysa Pilipinas, at 2 lamang (Angola at Djibouti) sa mga ito ang hindi pa nagpapatupad ng K to 12. Hindi rin napaunlad ng K to 12 ang higit 70 bansa na matagal nang nag-K to 12! Sa huli niyang State of the Nation Address/SONA (2015), inihayag ni Benigno Simeon “Noynoy” Cojuangco Aquino III ang isa pang walang batayang paliwanag hinggil sa K to 12: “We implemented K to 12 because it is not practical to cram learning in a 10-year basic education cycle...The credentials of our countrymen working overseas are already being questioned; there are also some who have been demoted because our diplomas are supposedly not proof of sufficient knowledge...” Kabaligtaran ng realidad ang pahayag ng gobyerno. Halimbawa, aktibong nagrerekrut ng mga Pilipinong nars ang National Health Service (NHS) ng United Kingdom at direktang pumupunta ang mga ahente nila sa Pilipinas upang maghanap ng pupuno sa 24,000 bakanteng posisyon noong 2016 (Weaver, 2016), at ayon sa mga anunsyo sa jobstreet.com.ph, gaya ng sa Jedegal Int’l. Manpower Services, Inc., maaaring mag-aplay para maging nars sa London ang mga Pilipinong may isang taon man lamang ng karanasan sa trabaho, at wala binabanggit na kailangan pa ang senior high school diploma. Bukod sa United Kingdom, may “government-to-government agreements” na ang Pilipinas para magpadala ng mga Pilipinong propesyunal sa sektor ng kalusugan sa Norway, Spain, Bahrain at Japan bago pa man maipatupad ang K to 12 (Makulec, 2014; vi). Sa pagsipat sa mga website ng Philippine Overseas Employment Administration (POEA) ay tatambad ang libu-libong job vacancies (2013-2016) para sa mga Pilipinong inhinyero, guro, manunulat, nars, manunulat, accountant sa halos lahat ng mga bansa mula Australia hanggang Zambia. Sa gayunding database ay may mga bakanteng posisyon para sa mga Pilipinong chemists, social workers, architects, agriculturists, dentists, foresters, geologists, guidance counselors, interior designers, librarians, master plumbers, medical technologists, doctors, midwives, nutritionists, optometrists, pharmacists, therapists, psychologists, radiologists, and veterinarians – mga propesyong saklaw ng Professional Regulatory Commission (PRC) ng Pilipinas.

Maliwanag na kahit walang K to 12 ay in-demand na ang mga Pilipinong manggagawa. Ang bilang ng Overseas Filipino Workers (OFWs) na dineploy ng Pilipinas ay umabot na sa 1,844,406 (lagpas 5,000 kada araw) noong 2015 kumpara sa 1,832,668 (halos 5,000 kada araw) noong (POEA, 2015; 1). Noong 2015, ang Pilipinas ay una sa Timog-Silangang Asya at pangatlo sa daigdig sa pagtanggap ng remitans (World Bank, 2016; v), at mula 1962-2012, pinakamalala/pinakanegatibo sa Timog-

Silangang Asya ang rekord ng bansa sa net migration[1] batay sa online na arkibo ng World Development Indicators ng World Bank. Samakatwid, kung susuriin mismo ang argumento ng gobyerno, hindi naman talaga kailangan ang K to 12, partikular ang karagdagang 2 taon ng hayskul. Ilohikal kung gayon ang hindi pagsunod ng gobyerno sa makatwirang rekomendasyon ng kaisa-isang kalitatibong pananaliksik sa isyu ng haba ng school cycle at kalidad ng edukasyon kaugnay ng K to 12 sa bansa (Felipe at Porio, c.2010): "(t)here is no clear empirical basis in TIMSS to justify a proposal for the Philippines to lengthen its education cycle...There is no basis to expect that lengthening the educational cycle calendar-wise, will improve the quality of education...The value of the 12-year cycle is ultimately a matter of weighing the large and certain costs against the uncertain gains in lengthening the education cycle. However, one can adopt a guideline in weighing these costs and gains. One such guideline may be that individuals who are inconvenienced by non-standardised cycles should be the ones to bear the costs of reducing those inconveniences. People in the farms and small barangays should be spared the burden of a system that will not benefit them. The government could help those interested in foreign studies and work placement by supporting an appropriate system of assessment, rather than tinker with the whole cycle length. This solution addresses the alleged problem in a more focused way and does not indiscriminately impose on every Filipino the costs of meeting the needs of a few." Kaugnay ng mga interesado sa pag-aaral sa ibang bansa, dapat bigyang-diin na kahit noong wala pang K to 12 sa Pilipinas ay maraming Pilipino na ang nakakakakuha ng mga prestihiyosong iskolarsyip gaya ng Erasmus Mundus Programme ng European Union (EU). Ayon sa isang press release ng Delegation of the European Union to the Philippines (2014), mula 2004-2014 ay mahigit 200 estudyante at lektyurer mula Pilipinas ang nakinabang na sa Erasmus Mundus. Mula 1948 ay libu-libong Pilipino na rin ang nagbenepisyo naman sa Fulbright Program ng Estados Unidos kahit noong wala pa ang K to 12 (Philippine-American Educational Foundation/PAEF, 2017).

Sa pangkalahatan, palalalain lamang ng K to 12 ang dependensiya ng Pilipinas sa remitans at pananatilihin nito ang kawalan ng industriyalisasyon sa bansa (San Juan 2013, 2014 at 2016), gaya ng pagsusuri ni Laquian (2011): "The most serious negative effect of labour export policies has been the neglect of domestic production and poor investments in infrastructure, agriculture, mining, export promotion, and social development because of the easy availability of funds from remittances. The country may be likened to a man who has become lazy because he receives remittances from a wife working as a domestic worker abroad. For the government, the easy money from foreign remittances is a major cause of its inability to pursue sound economic development programs." Ang mga bansang sagana sa likas na yaman gaya ng Pilipinas ay di lubos na uunlad o makaaabot sa mataas na antas ng kaunlaran kung hindi

[1]Ang negatibong net migration value ay nangangahulugang mas maraming taong pumapasok kaysa lumalabas ng bansa.

magsasabalikat ng industriyalisasyon (Chang, 2008 at Lichauco, 1986). Sa panahong wala pang plano para sa industriyalisasyon ng Pilipinas, trabahong kontraktwal at/o mababa ang sweldo ang naghihintay sa mga unang batch na magtatapos ng K to 12/senior high school (San Juan, 2013), lalo pa at mismong datos ng World Bank (2012) ang nagsasabing mas mataas ang average na sweldo ng mga graduate ng kolehiyo kaysa sa mga hindi graduate ng kolehiyo. Maisasakatuparan lamang ang industriyalisasyon na makapagpapaunlad sa ekonomya kung may sapat na manggagawa at propesyunal ang bansa para sa sarili nitong pangangailangan (Roblas, 2011; Institute of Chartered Accountants in England and Wales, 2015). Maging ang mga maka-K to 12 gaya ni Okabe (2013) ay nagpahayag na ang “enhancement” ng edukasyong sekundarya ay hindi sapat para magdulot ng kaunlaran, at maaari pa ngang magpalala sa “brain drain” at “brain waste” sa bansa: “[A]long with improving education, the government needs to encourage industrial development and growth of domestic industries that can provide employment for higher educated school graduates.” Katulad ito ng perspektiba ni Sison (2015): “(t)heoretically, a K-12 program, properly oriented, planned and managed, could lead to genuine reforms that will truly benefit the Filipino people and youth in the realm of education. A truly patriotic, mass-oriented, and scientific educational system will be able to train millions of youth, help empower the people and build their nation through heightened social consciousness, scientific knowledge and technical skills—while also contributing to the general advance of human knowledge and development worldwide.” Samakatwid, mayroon o walang K to 12, nilalaman ng kurikulum at oryentasyon ng pedagohiya ang magtatakda kung makapagpapaunlad sa bansa ang sistemang pang-edukasyon o hindi.

Sa kasamaang-palad, hindi prayoridad ng gobyerno sa senior high school ang mga kursong kailangan para sa pagpapaunlad ng Pilipinas gaya ng Agrikultura at mga kursong para sa industriyalisasyon ng Pilipinas. Ang maraming kurso sa senior high school ng K to 12 ay eksaktong umaayon sa pangangailangan ng ibang bansa gaya ng nakatala sa apendiks ng artikulong “Neoliberal Restructuring of Education in the Philippines: Dependency, Labor, Privatization, Critical Pedagogy, and the K to 12 System.”

Gayundin, sa ilalim ng K to 12, inalis bilang bukod na subject sa kolehiyo ang “Agrarian Reform and Taxation” (Pag-aaral sa Reporma sa Lupa at Sistema ng Pagbubuwis), at “Philippine Government and Constitution” (Pag-aaral sa Konstitusyon at Sistema ng Gobyernon ng Bansa) – dalawang asignatura na may potensyal sanang makapag-ambag sa paghubog ng mga estudyanteng makabayan, anti-pyudal at anti-imperyalista. Isinama na lang ang dalawang dating bukod na subject na ito bilang mga paksa na lang sa asignaturang “Readings in Philippine History” sa college. Siyempre pa, wala ring kritikal na pagsusuri ang kurikulum sa dayuhang pamumuhunan at sa mismong sistemang kapitalista sa kabila ng katotohanan na hindi ganap na

nakikinabang sa paglago ng ekonomya sa ilalim ng sistemang ito ang mga ordinaryong mamamayan.

**Pagbalewala sa Katangiang Multilinggwal at Multikultural ng Pilipinas**

Hindi rin isinasalang-alang ang katangiang multilinggwal at multikultural ng Pilipinas. Sa curriculum guide para sa Araling Panlipunan sa junior high school (DepEd c.2013a), halos walang pagtalakay hinggil sa lumad at Moro – mga paksang napakahalaga sa pagtitiyak na mauunawaan ng mga estudyante ang puno't dulo ng pakikibaka ng mga lumad at Moro para sa sariling pagpapasya na kaugnay ng pakikibaka ng buong sambayanang Pilipino para sa pambansang pagpapalaya. Halimbawa, ni hindi matatalakay kung paanong pakunwaring nilutas ng gobyerno ang rebelyon ng Hukbalahap/Hukbong Mapagpalaya ng Bayan (HMB) sa pamamagitan ng programang resetelment ng mga magsasakang walang lupa sa Gitnang Luzon, sa Mindanao – bagay na isa sa dahilan ng komplikadong sitwasyon ngayon sa Mindanao dahil na rin sa may mga lumad at Moro na naitaboy ng ganitong iskema. Samantala, 20 beses binanggit ang salitang "Amerikano" sa curriculum guide ng Araling Panlipunan sa elementarya at junior high school pero hindi binanggit kahit isang beses ang "Moro" at "lumad" at isang beses lang binanggit ang "Muslim" sa kontekstong lokal (at isa rin sa kontekstong pandaigdig).

Sa pangkalahatan, nananatili ring English ang default na wikang panturo sa Science & Technology, at Mathematics, atbp. sa kabila ng realidad na wala pang 1% ng populasyon ang nag-Iingles. Kaugnay nito, ang curriculum guide ng "Mother Tongue" subject sa elementarya ay NASA ENGLISH, hindi kasali sa priority courses sa college ang BSE Filipino (Mula sa CHED Memo Order No. 01, Series of 2014) at ayon naman sa DepEd Order No. 3, Series of 2016, kasama sa criteria sa hiring ng teachers ang English communication skills, habang hindi naman kasama ang kasanayan sa komunikasyon sa Filipino. Bukod pa rito, inihain ni Rep. Gloria Macapagal-Arroyo ng Ikalawang Distrito ng Pampanga ang House Bill 5091 o "AN ACT TO STRENGTHEN AND ENHANCE THE USE OF ENGLISH AS THE MEDIUM OF INSTRUCTION IN THE EDUCATIONAL SYSTEM" noong Pebrero 21, 2017 kaya't nanganganib na lalo pang maging anti-Filipino ang kurikulum sa buong sistemang pang-edukasyon. Layunin ng panukala ni Macapagal-Arroyo na gawing 70-30% ang hatian ng oras para sa English at sa Filipino sa mga paaralan.

**Pagbibigay-prayoridad sa Dayuhang Paraan ng Pag-iisip**

Kapag sinuri ang framework at mga materyales panturo sa ilalim ng K to12, makikitang mas pinahahalagahan nito ang mga dayuhang paraan ng pag-iisip. Ang framework mismo ng K to 12 at mga babasahing pinagbatayan nito ay kinopya lang sa mga dayuhan. Ang kurikulum ng K to 12 ay tumatanaw sa "labas" nang hindi muna sinuri ang "loob"; hinaharap ang mundo nang hindi muna kinikilala ang sarili. Sa mga teksbuk at modyul, kitang-kita ang pagbibigay-prayoridad sa mga dayuhang kaisipan.

Halimbawa, sa halip na unggoy o anumang hayop mula Pilipinas ang gamitin, unggoy mula Indonesia ang nasa panimula ng Unit 1 ng Science Textbook ng DepEd Negros. Narito naman ang isang halimbawa ng aktibidad mula sa nasabing teksbuk: "Advanced Preparation. Each group must be assigned to bring a small bunch of grapes for the activity ahead of time. If the students have difficulty in finding the main material, other fruits or vegetables that demonstrate bunching may be used. Suggested alternatives for grapes are lanzones, cauliflower, niyug-niyogan, arosep or lato (sea weeds), or even tree branches." Samantala, soccer/football naman ang nasa larawan sa Unit 1 ng Science Textbook ng DepEd Bataan, gayong mayroon namang sipa o sepak takraw ang mga Pilipino at Asyano.

Ang introduksyon ng kurikulum ng Filipino sa Grades 1-10 (DepEd, 2013b) ay direktang ibinatay sa mga kaisipang dayuhan at may paconsuelo de bobo lamang na (at mababaw pa ngang) pagbanggit sa isang Pilipino: "Isinaalang-alang sa pagbuo ng kurikulum ang pangangailangang panlipunan, lokal at global na pamayanan, maging ang kalikasan at pangangailangan ng mga mag-aaral. Pinagbatayan din ang mga legal na batas pang-edukasyon, at mga teoryang pilosopikal ng edukasyon at wika nina Jean Piaget (Developmental Stages of Learning), Leo Vygotsky (Cooperative Learning), Jerome Bruner (Discovery Learning), Robert Gagne (Heirarchical Learning), David Ausubel (Interactive/Integrated Learning), Cummins (Basic Interpersonal Communication Skills-BICS at Cognitive Academic Language Proficiency Skills-CALPS) at ng pambansang bayaning si Dr. Jose P. Rizal na nagsabing *nasa kabataan ang pag-asa ng bayan*." Tahas ding nakabatay ang kurikulum ng Araling Panlipunan sa Grades 1-10 sa dayuhang framework gaya ng binanggit sa panimula ng curriculum guide ng DepEd: ""Isinaalang-alang sa pagbuo ng kurikulum ang pangangailangang panlipunan, lokal at global na pamayanan, maging ang kalikasan at pangangailangan ng mga mag-aaral. Pinagbatayan din ang mga legal na batas pang-edukasyon, at mga teoryang pilosopikal ng edukasyon at wika nina Jean Piaget (Developmental Stages of Learning), Leo Vygotsky (Cooperative Learning), Jerome Bruner (Discovery Learning), Robert Gagne (Heirarchical Learning), David Ausubel (Interactive/Integrated Learning), Cummins (Basic Interpersonal Communication Skills-BICS at Cognitive Academic Language Proficiency Skills-CALPS) at ng pambansang bayaning si Dr. Jose P. Rizal na nagsabing "nasa kabataan ang pag-asa ng bayan"." Ang curriculum guide naman ng Math sa Grade 1-10 (DepEd, c.2013c) at Science sa Grade 3-10 (DepEd, c.2013d) ay nangopya lamang sa kurikulum ng mga bansang mauunlad gaya ng US, Australia, New Zealand, Singapore, Japan at Canada.

**Kurikulum na Urban-sentriko at Elitista**

Maraming gawain/activity sa curriculum guide na kailangan ng internet at kompyuter kaya't hindi isinaalang-alang na hindi lahat ay may internet, kompyuter, at kuryente! Mababa ang sahod kaya walang pambili ng kompyuter at pang-subscribe sa broadband ang maraming Pilipino. Katunayan, wala pang 10% ng populasyong may

cellphone sa Pilipinas ang may subscription sa broadband (na mas mahal sa mobile broadband). Sa draft na modyul para sa Grade 10 sa asignaturang Mga Kontemporaryong Isyu na inilabas ng DepEd (c.2017), ang unang gawain sa aralin tungkol sa globalisasyon ay “Guess the Logo,” at ang mga logong pinahuhulaan ay logo ng McDonald’s, Facebook, Google, Apple, National Basketball Association (NBA), at Nike. Etse-pwera na kaagad ang hindi taga-lungsod at yaong mga walang access sa telebisyon at iba pang teknolohiya! Kung tutuusin, maaari naman itong balansehin sana sa pamamagitan ng pag-iisa-isa naman sa mga pananim o kaya’y prutas na ineeksport ng Pilipinas sa konteksto ng globalisasyon upang maka-relate din sa pagtalakay ang mga nasa lugar na rural. Sa asignaturang Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino naman sa senior high school ay may tatlong kasanayang pampagkatuto (learning competency) na nakapokus sa paggawa o pagsusuri ng blog – mga kasanayang nangangailangan ng akses sa internet. Kaugnay nito, problematiko rin ang pokus sa internet ng asignaturang Media and Information Literacy sa senior high school.

**Pagpapalabnaw at/o Paglusaw sa Mga Asignaturang Mahalaga sa Makabayang Edukasyon at Imposisyon ng Ideolohiyang Kapitalista**

Sa pangkalahatan, malabnaw at kulang ang pagtuturo ng sariling wika, kultura at kasaysayan sa K to 12. Pinatay ang Philippine History subject sa high school. Tinanggal na rin bilang bukod na subjects ang Philippine Government & Constitution, at Agrarian Reform & Taxation, at isinama na lamang ang mga ito bilang paksa sa asignaturang Readings in Philippine History sa kolehiyo. Tinangka rin ng gobyerno na paslangin ang Filipino at Panitikan sa kolehiyo ngunit matagumpay itong nilabanan ng Tanggol Wika.

Samantala, ang ibang laman ng kurikulum ng Filipino sa junior high school ay pag-uulit lang ng tinuturo sa English class (nakapokus sa panitikang dayuhan), habang ang panitikang pambansa at rehiyunal ay sa Grade 7 at 8 lamang tinatalakay, at bahagi lamang din ng 21st Century Literature from the Philippines and the World sa senior high school, sa halip na bukod na subject.

Gayundin, kung susuriing maigi, malabnaw at mababaw ang mga silabus sa ibang subject gaya sa Readings in Philippine History. Halimbawa, mababaw ng depinisyon ng “globalisasyon” sa curriculum guide ng DepEd sa Araling Panlipunan (Grade 1-10): “Globalisasyon– ang kaparaanan kung paano nagiging global o pangbuong mundo ang mga lokal o pampook o kaya pambansang mga gawi o paraan sa aspeto ng ekonomiya at kalakalan, teknolohiya, politika, at kalinangan o kultura.” Hindi nasasapul ng gayong simplistikong depinisyon ang lawak at lagim ng tunay na mukha ng globalisasyon – ang neoliberalismo na sumasaklaw sa liberalisasyon (pagtatanggal o pagbabawas ng mga limitasyon sa mga malalaking negosyo gaya ng kontrol sa paglabas at pagpasok ng kapital/puhunan, buwis sa imported na produkto, mataas na corporate tax, mga batas na nagpoprotekta sa mga manggagawa atbp.); pribatisasyon (pagbebenta sa pribadong korporasyon ng mga dati-rati’y serbisyo

publiko gaya ng mga paaralan, ospital atbp.); at deregulasyon (pagtatanggal o pagbabawas ng regulasyon sa mga industriya).

Pansinin din kung sino ang mga "bayani" sa curriculum guide ng DepEd para sa Araling Panlipunan sa Grades 1-10: "Nabibigyang halaga ang mga kontribosyon ng mga Natatanging Pilipinong nakipaglaban para sa kalayaan Hal: Emilio Aguinaldo o Gregorio del Pilar o Miguel Malvar o Iba pang bayaning Pilipino" Samantala, wala si Macario Sakay na kapanahon din ng mga ito! Malabnaw at nagpipilit naming maging neutral ang bahaging ito ng modyul ng DepEd hinggil sa Batas Militar: "Ilan sa mga naisakatuparan ng Batas-Militar pagkatapos ng 9 na taon ay pagpapagawa ng imprastraktyur. Ang inaaning palay ay nadagdagan. Ang pagbabahagi ng lupaing pansakahan ay naging tahimik at maayos. Sa mga suliraning panlabas, sa tulong ni Unang Ginang Imelda R. Marcos ito ay sumulong. Naitatag ang relasyong pandiplomatiko sa Tsina, Unyong Sobyet at sa ibang mga bansang komunista sa Silangang Europa. Marami ring mga pulong pang-international ang ginanap sa Maynila. Marami ring di masyadong nabigyan ng pansin sa panahong ito. Ilan dito ay ang pang-aabuso ng mga militar. Katiwalian nang huling taon sa malaking paglustay sa sektor ng pananalapi at pagbabangko nang huling dalawang taon. Dahil dito nagkaroon ng dobleng implasyon, patuloy na tumataas ang utang panlabas at nagpapatuloy ang pagdami ng bilang ng walang hanapbuhay at ang pagbaba ng sahod ng manggagawa."

Tila cheerleader naman ni Tita Cory ang nagsulat ng modyul na ito ng DepEd hinggil sa People Power na inilabas ng DepEd (c.2017b): "Isinulong ni Pangulong Aquino ang mga usapang pangkapayapaan sa pagitan ng Communist Party of the Philippines, NPA, at MILF. Pinaimbestigahan din niya ang paglabag sa karapatang pantao noong panahon ni Marcos. Nagtalaga siya ng isang komisyon na naglayong maibalik ang mga ninakaw na yaman ng bansa noong panahon ni Pangulong Marcos…Noon at magpahanggang ngayon, kinikilala bilang "Ina ng Bansa" si Pangulong Aquino at sa kanyang hudyat at hikayat, muling natitipon ang mga tao upang magkaisa sa mapayapang protesta laban sa mga tiwaling opisyal."

May mga kompetensi rin sa curriculum guide sa Araling Panlipunan (Grade 1-10) ang kailangang isaayos o rebisahin sapagkat malabo ang ibig sabihin o kaya'y tiyak na subject to misinterpretation, gaya nito: "**Nabibigyang halaga** ang papel ng kolonyalismo at imperyalismo sa kasaysayan ng Timog at Kanlurang Asya"; "Nasusuri ang **transpormasyon** ng mga pamayanan at estado sa Timog at Kanlurang Asya sa pagpasok ng mga kaisipan at impluwensiyang kanluranin sa larangan ng…"; "Nasusuri ang sanhi at epekto ng political dynasties **sa pagpapanatili ng malinis at matatag na pamahalaan**"; "Natataya ang **bahaging ginagampanan** ng kasarian(gender roles) sa iba't bang larangan at institusyong panlipunan (trabaho, edukasyon, pamilya, pamahalaan, at relihiyon)." Lagpas pa rito, dapat ding punahin ang pagsamba sa "pamilihan," sa merkado o market – sa sistemang kapitalista, ng curriculum guide sa Ekonomiks na inilabas ng DepEd. Sa esensya, pilit ipinapalunok ng curriculum guide sa

mga estudyante na kapitalismo lamang ang sistemang ekonomiko na maaaring ipatupad – ang sistema kung saan lahat ng tao ay mabubuhay lamang kung tatanggapin ang barat na pasweldo ng mga diyos ng pamilihan at tumaas man ang swledo ay kailangang magdoble-kayod dahil sa diumano'y batas ng suplay at demand at dahil daw sa implasyon. Bukod dito, ang nasabing curriculum guide ay may competency sa pagbabayad ng buwis ng mamamayan: "Nakababalikat ng pananagutan bilang mamamayan sa wastong pagbabayad ng buwis," pero walang pagbanggit sa obligasyon din ng mga korporasyon na magbayad ng buwis at mag-ambag sa kaunlarang pambansa.

Pansinin din ang pagbibigay-diin ng competency na ito sa isang partikular na halimbawa ng industriya na mga dambuhalang korporasyon lamang ang nakinabang sa mga nakaraang dekada: "Nasusuri ang bahaging ginagampanan ng sektor ng industriya, tulad ng **pagmimina**, tungo sa isang masiglang ekonomiya." Sa kabila ng pag-eeksport ng bansa sa mga mineral nito, 0.004% lamang ng kita ng gobyerno ang mula sa pagmimina, habang bilyun-bilyong piso ang kinikita ng mga dambuhalang kumpanya ng mina sa bansa. Halimbawa, 10.3 bilyong piso ang consolidated revenue ng Philex Mining Corp. noong 2016. Hindi man lamang din isinaalang-alang ng competency na ito ang malawak na pagtutol ng mga lumad (at maging ng mga ordinaryong mamamayang hindi lumad) sa pagmimina sa kanilang mga lupang ninuno. Kagimbal-gimbal din ang papuri ng nasabing curriculum guide sa malayang kalakalan o free trade sa pamamagitan ng eupemistikong paglalahad: "Napahahalagahan ang **kontribusyon ng kalakalang panlabas** sa pag-unlad ekonomiya ng bansa." Dapat bigyang-diin na batay sa datos ng Bangko Sentral ng Pilipinas mismo, sa mga nakaraang dekada, halos bawat taon ay mas marami ang produktong inimport ng Pilipinas kaysa ineksport kaya't sa konteksto ng malayang kalakalan ay luging-lugi ito, lalo na kapag itinala rin ang mga industriya at negosyo sa Pilipinas na nalugi o kaya'y lumiit ang benta dahil sa matinding kumpetisyong dulot ng walang habas na importasyon (gaya ng kaso ng sapatos, tela, gulay, asukal atbp.).

### Kawalan ng Demokratikong Proseso sa Pagbubuo ng Kurikulum

Gaya ng mga nakaraang pagbabago sa kurikulum, ang implementasyon ng K to 12 ay isang imposisyong mula sa itaas na isinagawa nang wala man lamang malawakang diskusyon at konsultasyon sa iba't ibang sektor. Hindi kataka-taka na anim na kasong kontra K to 12 ang isinampa ng iba't ibang grupong mula sa iba't ibang oryentasyong ideolohikal. Ang lahat ng curriculum guide ay binuo ng iilan lamang "eksperto" at hindi isinailalim sa malawakang konsultasyon. Gayundin, ang mga nauupong DepEd secretary at CHED commissioners ay karaniwang walang mahabang panahon ng karanasan ng pagiging aktwal na classroom teacher kaya naman wala ring malalim na pag-unawa sa problema ng kurikulum at ng buong sistemang pang-edukasyon. Sa pangkalahatan, ang kawalan ng demokratikong proseso sa pagbubuo

ng kurikulum ng K to 12 ay isa sa mga dahilan kung bakit ang kasalukuyang sistemang pang-edukasyon ay nananatiling “pabrika ng misedukasyon” na nagmamanupaktura ng mga manggagawa at propesyunal na pang-eksport at/o para sa mga korporasyon sa halip na mga Pilipinong mag-aambag sa pag-unlad ng sariling pamayanan at bayan.

**Pangwakas**

Hamon sa lahat na iwasto ang mga mali, baguhin ang mga dapat baguhin, palitan ang dapat palitan. Inaasahang mag-aambag ang mga guro sa sama-samang paglikha ng bagong kurikulum na akma sa pangangailangan ng bansa, at huhubog ng mga Pilipinong mag-aambag sa pag-unlad ng bansa at kapwa mamamayan. Bottom-up, baba-pataas ang prosesong dapat mamayani sa pagbuo ng kurikulum, sa halip na taas-baba o top-down, para matiyak na ang mga pangangailangan ng bawat komunidad sa arkipelago ay matutugunan ng kurikulum. Higit sa lahat, sa pamamagitan lamang ng gayong demokratikong proseso mabubuo ang isang kurikulum na makapagdurugtong-dugtong sa kasanayan at kakayahan ng mga mamamayan at mga pamayanan tungo sa pagbubuo ng bansang malaya, nakasandig-sa-sarili, maunlad, mapayapa, makatarungan at tumutulong din sa pag-unlad ng mga bansang may katulad na karanasan at pangarap.

**MGA SANGGUNIAN:**

Anakpawis Partylist. 2016. “Displacing more than 300 families in Patungan Cove, Maragondon – Anakpawis condemns land grabbing by old and new rich elite.” http://www.anakpawis.net/2016/07/displacing-more-than-300-families-in-patungan-cove-maragondon-anakpawis-condemns-land-grabbing-by-old-and-new-rich-elite/

Aquino, Benigno S. 2015. “State of the nation address.” *Official Gazette.* http://www.gov.ph/2015/07/27/president-aquino-sixth-sona/

Constantino, Renato. 1979. *The Nationalist Alternative.* Foundation for Nationalist Studies, Quezon City.

Bangko Sentral ng Pilipinas. 2017. “Philippines Balance of Payments.” http://www.bsp.gov.ph/statistics/sdds/boprevs/bop99-12.htm

Balana, Cynthia. 2011. “Int’l group probes alleged land-grab by foreign firms.” *Inquirer.* http://newsinfo.inquirer.net/12098/int%E2%80%99l-group-probes-alleged-land-grab-by-foreign-firms

Bureau of Internal Revenue. 2016. *LIST OF TOP 500 INDIVIDUAL TAXPAYERS FOR TAXABLE YEAR 2014 as of January 22, 2016 (Arranged by rank).* https://www.bir.gov.ph/images/bir_files/internal_communications_1/Advisory/amended_Annex%20A_by%20rank.pdf

Chang, Ha-Joon. 2008. *Bad Samaritans: The Myth of Free Trade and The Secret History of Capitalism*. Bloomsbury Press, New York.

Constantino, Renato. 2008. "The mis-education of the Filipino." *Journal of Contemporary Asia* 1, 20-36. https://www.tandfonline.com/doi/10.1080/00472337085390031

_________________. c.2012. "Lisyang Edukasyon ng Mga Pilipino." Luis Maria Martinez (trans.). https://fil40online.files.wordpress.com/2012/06/lisyang-edukasyon-ng-pilipino.pdf

Corrales, Nestor. 2017. "Gov't to fulfill promise to double cops, soldiers' pay by Jan. 2018." *Inquirer.* http://newsinfo.inquirer.net/858947/govt-to-deliver-promise-to-double-cops-soldiers-pay-by-jan-2018

De Guzman, Violeta. 2015. "Whose Land? Whose Development?." *Inquirer.* http://globalnation.inquirer.net/123652/whose-land-whose-development

Delegation of the European Union to the Philippines. 2014. "30 Filipinos to take their MA and PhD Programmes in EU under the European Union's Erasmus Mundus Programme." http://eeas.europa.eu/archives/delegations/philippines/documents/press_corner/20141508.pdf

Department of Education. c.2017a. *Draft Module: ARALING PANLIPUNAN 10*. https://drive.google.com/file/d/0B_TibwEltyeucmJpLWxaRGZWZGc/view

_____________________________. c.2017b. *MODYUL 18: ANG PILIPINAS SA PANUNUMBALIK NG DEMOKRASYA*. https://www.scribd.com/document/27372862/modyul-ng-pangulo

_____________________________. c.2017c. *Draft Module: ARALING PANLIPUNAN Grade 8.* https://drive.google.com/file/d/0B_TibwEltyeuNlF0NkhZQVpGUHc/view

______________________________. c.2013a. *Curriculum Guide: Araling Panlipunan (Grade 1-10).* http://www.deped.gov.ph/sites/default/files/page/2017/AP%20CG!.pdf

______________________________. c.2013b. *Curriculum Guide: Filipino (Grade 1-10).* http://www.deped.gov.ph/sites/default/files/page/2016/Filipino%20CG.pdf

______________________________. c.2013c. *Curriculum Guide: Mathematics. (Grade 1-10).* http://www.deped.gov.ph/sites/default/files/page/2016/Math%20CG_with%20tagged%20math%20equipment.pdf

______________________________. c.2013d. *Curriculum Guide: Science (Grade 3-10).* http://www.deped.gov.ph/sites/default/files/page/2017/Science%20CG_with%20tagged%20sci%20equipment_revised.pdf

______________________________. "Senior High School Core Curriculum Subjects." http://www.deped.gov.ph/k-to-12/curriculum-guides/Core-SHS

Dy, Rolando. 2016. "Mindanao elite investors." *Inquirer.* http://business.inquirer.net/217898/mindanao-elite-investors

Felipe, Abraham & Porio, Carolina. c.2010. "Length of school cycle and the "quality" of education." https://clubmanila.files.wordpress.com/2016/04/length-of-school-cycle-and-the.pdf

Holland, Steve. 2017. "U.S. nears $100 billion arms deal for Saudi Arabia: White House official." *Reuters.* https://www.reuters.com/article/us-usa-trump-saudi/u-s-nears-100-billion-arms-deal-for-saudi-arabia-white-house-official-idUSKBN18832N

IBON Databank. 2011. "FOREIGN LAND DEALS: GLOBAL LAND GRABBING?" *Third World Network.* http://www.twn.my/twnf/2012/3858.htm

Institute of Chartered Accountants in England and Wales. 2015. *Economic Insight South East Asia Quarterly briefing Q1 2015*. https://www.icaew.com/~/media/corporate/files/about%20icaew/what%20we%20do/economic%20insight/2015/sea/final%20south-east-asia-q1-2015-web.ashx

Jacinto, Emilio. "Kartilya ng Katipunan." http://www.bayani.com/kuta/kartilya.php

Laquian, Prod. 2011. "The Philippines' Labour Export Policies – Pros and Cons." *Asia-Pacific Memo.* http://www.asiapacificmemo.ca/the-philippines-labour-export-policies-pros-and-cons

Lichauco, Alejandro. 1986*. Towards a New Economic Order and The Conquest of Mass Poverty*. Quezon City.

Lumbera, Bienvenido. 2007. "Edukasyong Kolonyal: Sanhi at Bunga ng Mahabang Pagkaalipin" sa *Mula Tore Patungong Palengke: Neoliberal Education in the Philippines.* Bienvenido Lumbera et al. eds. *Ibon Foundation.* http://cnsupdiliman.weebly.com/uploads/4/7/1/0/4710922/mula_tore_patunong_palengke_-_neoliberal_education_in_the_philippines.pdf

Macalister, Terry. 2016. "US and Britain wrangled over Iraq's oil in aftermath of war, Chilcot shows." *The Guardian.* https://www.theguardian.com/uk-news/2016/jul/07/us-and-britain-wrangled-over-iraqs-oil-in-aftermath-of-war-chilcot-shows

Makulec, Agnieszka. 2014. *Philippines' Bilateral Labour Arrangements on Health Care Professional Migration: In Search of Meaning*. *International Labor Organization.* http://www.ilo.org/wcmsp5/groups/public/---asia/---ro-bangkok/---ilo-manila/documents/publication/wcms_320609.pdf

Marasigan, Lorenz. 206. "Globe: No Internet access in 80% of public schools." *Business Mirror.* https://businessmirror.com.ph/globe-no-internet-access-in-80-of-public-schools/

Mirandilla-Santos, Mary Grace. 2017. "Top Issues of PH Telecoms Consumers." Department of Information and Communications Technology, Quezon City. http://www.dict.gov.ph/wp-content/uploads/2017/03/Consumer-Perspective_Santos-March-9-2017-Telecoms-Summit_v2.pdf

Mongaya, Karlo. c.2012. "The Philippine Educational System." https://karlomongaya.wordpress.com/2012/01/06/the-philippine-educational-system-1/

National Democratic Front of the Philippines. 2017. *Comprehensive Agreement on Socio-Economic Reforms (CASER)*. http://justpeace.ph/wp-content/uploads/2017/02/CASER-draft-as-of-1701-12-exchanged-with-GRP.pdf

National Tax Research Center. 2016. "Revenue Performance of the BIR Large Taxpayers Service: 2006-2015." *NTRC Tax Research Journal,* 28 (4), 14-28. http://www.ntrc.gov.ph/images/journal/2016/j20160708b.pdf

Okabe, Masayoshi. 2013. "Where Does Philippine Education Go? The "K to 12" Program and Reform of Philippine Basic Education." *Institute of Developing Economies.* http://www.ide.go.jp/library/English/Publish/Download/Dp/pdf/425.pdf

Olea, Ronalyn. 2011. "DAR accused of 'conniving' with Henry Sy's firm to evict Hacienda Looc farmers." http://bulatlat.com/main/2011/09/22/dar-accused-of-%E2%80%98conniving%E2%80%99-with-henry-sy%E2%80%99s-firm-to-evict-hacienda-looc-farmers/

Philippine-American Educational Foundation/PAEF. 2017. "About PAEF." http://fulbright.org.ph/about-paef/

Philippine Overseas Employment Administration/POEA. 2015. *OVERSEAS EMPLOYMENT STATISTICS: DEPLOYED OVERSEAS FILIPINO WORKERS 2014-2015*. http://www.poea.gov.ph/ofwstat/compendium/2015.pdf

Philippine Stock Exchange. 2017. "Ayala Corporation Company Disclosures." http://edge.pse.com.ph/companyDisclosures/form.do?cmpy_id=57

Philippine Stock Exchange. 2017. "SM Investments Corporation Company Disclosures." http://edge.pse.com.ph/companyInformation/form.do?cmpy_id=599

Ranada, Pia. 2016. "Duterte: After military, teachers next in line for salary hike." *Rappler.* https://www.rappler.com/nation/141332-duterte-salary-increase-teachers

Remollino, Alexander Martin. 2007. "Philippine Education in the Neocolonial Period." sa *Mula Tore Patungong Palengke: Neoliberal Education in the Philippines.* eds. Bienvenido Lumbera et al. http://cnsupdiliman.weebly.com/uploads/4/7/1/0/4710922/mula_tore_patunong_palengke_-_neoliberal_education_in_the_philippines.pdf

Roblas, Mark Ivan. 2011. "PH S&T OFW BRAIN DRAIN RISES TO 148%" *Department of Science and Technology*. http://www.dost.gov.ph/knowledge-resources/news/36-2011-news/295-ph-s-t-ofw-brain-drain-rises-to-148

Roxas, Pathricia Ann. 2017. "P3B budget for electricity to bring public schools 'out of dark ages'–Recto." *Inquirer.* http://newsinfo.inquirer.net/927605/p3b-budget-for-electricity-to-bring-public-schools-out-of-dark-ages-recto

Salerno, Tania. 2011. "Transnational Land Deals in Mindanao: Situating Ambivalent Farmer Responses in Local Politics." https://www.iss.nl/fileadmin/ASSETS/iss/Documents/Conference_papers/LDPI/16_Tania_Salerno.pdf

Sambalud, Mart. 2017. "Solons press for inclusion of teachers' salary hike in 2018 budget." *Davao Today.* http://davaotoday.com/main/politics/solons-press-for-inclusion-of-teachers-salary-hike-in-2018-budget/

San Juan, David Michael M. 2013. "Kaisipang Nasyonalista at Teoryang Dependensiya sa Edukasyon: Ideolohikal na Kritik ng Programang K to 12 ng Pilipinas/Nationalism and Dependency Theory in Education: An Ideological Critique of the Philippine K to 12 Program." *Malay* 26 (1), 96–120. https://ejournals.ph/article.php?id=8048

______________________. 2014. "Pambansang Salbabida at Kadena ng Dependensiya: Isang Kritikal na Pagsusuri sa Labor Export Policy (LEP) ng Pilipinas/National Lifesaver and Chains of Dependence: A Critical Review of the Philippine Labor Export Policy (LEP)." *Malay* 27(1), 46–68. https://ejournals.ph/article.php?id=8066

_______________________. 2016. "Neoliberal Restructuring of Education in the Philippines: Dependency, Labor, Privatization, Critical Pedagogy, and the K to 12 System." *Asia-Pacific Social Science Review*, 16 (1), 80-110. https://www.ejournals.ph/article.php?id=9857

Sison, Jose Maria. 2015. "APEC's neoliberal offensive and its effect on Philippine education." http://josemariasison.org/apecs-neoliberal-offensive-and-its-effect-on-philippine-education/

Sison, Jose Maria. 1970. *Lipunan at Rebolusyong Pilipino.* https://aklatangtibak.files.wordpress.com/2013/05/lrp.pdf

Takumi, Rie. 2014. "Pampanga farmers march to reclaim land 'grabbed' by big developers." *GMA News Online.* http://www.gmanetwork.com/news/news/regions/364569/pampanga-farmers-march-to-reclaim-land-grabbed-by-big-developers/story/

United Nations. 2004. "Lessons of Iraq war underscore importance of UN Charter – Annan." http://www.un.org/apps/news/story.asp?NewsID=11953#.We1DPFSCzcs

United Nations Development Programme. 2016. *Overview: Human Development Report 2016 (Human Development for Everyone).* http://hdr.undp.org/sites/default/files/HDR2016_EN_Overview_Web.pdf

US Embassy in Manila. 2010. *Factsheet: AMERICAN BUSINESS ENGAGEMENT IN THE PHILIPPINES*. https://photos.state.gov/libraries/manila/19452/pdfs/FCSFACTSHEET-14Sept10.pdf

US Office of the Inspector General. *AUDIT OF USAID/PHILIPPINES' GROWTH WITH EQUITY IN MINDANAO (GEM-3) PROGRAM.* https://oig.usaid.gov/sites/default/files/audit-reports/5-492-12-002-p.pdf

USAID. *PERFORMANCE EVALUATION OF USAID/PHILIPPINES GROWTH WITH EQUITY IN MINDANAO III (GEM-3) PROGRAM.* https://www.usaid.gov/sites/default/files/documents/1861/SIs_Final_Evaluation_Report-Growth_Equity_Mindanao_III_Annexes.pdf

Uson, Maria Angelina. 2015. "Land grabs, climate change, and disasters: exploring the politics of their intersection in a Philippine small island." Conference Paper No. 11. Institute of Social Studies, The Hague, The Netherlands. https://www.iss.nl/sites/corporate/files/CMCP_11-Uson.pdf

Villamor, Felipe. 2017. "U.S. Troops in Besieged City of Marawi, Philippine Military Says." *New York Times.* https://www.nytimes.com/2017/06/14/world/asia/philippines-marawi-us-troops.html

Weaver, Matthew. 2016. "NHS nurse shortages 'to last another four years'." *The Guardian.* https://www.theguardian.com/society/2016/feb/29/nhs-nurse-shortages-to-last-another-four-years

World Bank. 2016. *Migration and Remittances Factbook 2016*. Global Knowledge Partnership on Migration and Development (KNOMAD), Washington, D.C. https://siteresources.worldbank.org/INTPROSPECTS/Resources/334934-1199807908806/4549025-1450455807487/Factbookpart1.pdf

**Tungkol sa may-akda:**

**DAVID MICHAEL M. SAN JUAN**
Kasalukuyang associate professor sa Departamento ng Filipino ng De La Salle University-Manila. Nagtapos ng Bachelor in Secondary Education, major in Filipino, magna cum laude, sa Bulacan State University; Master of Arts in Teaching Filipino sa Philippine Normal University-Manila; at PhD in Southeast Asian Studies sa Centro Escolar University-Manila. May yunit sa Master of Arts in International Studies, major in European Studies, sa DLSU-Manila. Pangulo ng Pambansang Samahan sa Linggwistika at Literaturang Filipino (PSLLF), Ink.; vice-head ng Executive Council (ExeCon) ng National Committee on Language and Translation (NCLT) sa ilalim ng National Commission for Culture and the Arts (NCCA); convenor ng Alyansa ng Mga Tagapagtanggol ng Wikang Filipino (TANGGOL WIKA).